# Isang Mungkahing Kagamitang Pampagtuturo sa Asignaturang Filipino sa Panahon ng Pandemya

**NERISSA N. BEHHAY**
**HILDA N. IMMANGDUL**
**FELISA M. ANICETO**
Ifugao State University
Potia Campus, Alfonso Lista,Ifugao

*Abstract* — Nakapokus ang pag-aaral sa mga mungkahing kagamitang pampagtuturo na maaaring gamitin sa pagtuturo ng asignaturang Filipino alinsunod sa datos na makalap mula sa mga respondente. Isinagawa ito sa paraang quantitative-developmental na pananaliksik na nakabase sa pamaraang paglinang ng kagamitan ni Tomlinson (2020). Kasangkot sa pag-aaral ang limang guro sa Filipino at walumpu't apat na mga estudyante ng Bachelor of Secondary Education sa Kolehiyo ng Edukasyon ng Ifugao State Univerisity, Potia Campus. Ginamit ang frequency at weighted mean upang makuha ang ranggo at antas ng pagtanggap ng mga guro. Mula sa nakalap na datos, lumabas sa pag-aaral na nangunguna ang sanayang aklat, teksbuk at elektronikong kagamitan na kung saan nakabatay sa kakayahan at kahinaang pangliteratura ng mga estudyante sa asignaturang Filipino, nabuo ang sanayang aklat na may pamagat na panunuring pampanitikan, isang medyor sabjek sa Filipino. Ang nabuong kagamitang panturo batay sa ebalwasyon ng mga tagatasa ay lubos na katanggap-tanggap sa mga guro na pinatunayan ng kabuoang mean na 4.9. Upang lubos na matulungan ang mga estudyante, saklaw nito ng iba't ibang kasanayang angkop sa kanilang kakayahan lalo na sa mga gawain o pagsasanay na maaaring sagutin at isasagawa upang makamit ang layunin ng nasabing aralin. Mula sa kinalabasan ng pag-aaral, iminumungkahi ang pagpapagamit (pilot testing) sa nabuong sanayang aklat sa mga estudyante upang malaman ang kabisaan nito sa pagtuturo-pagkatuto.

***Keywords — Kagamitang pampagtuturo elektronikong kagamitan, mungkahing kagamitan, pagtuturo, sanayang aklat, teksbuk***

## I. Introduction

Malinaw na nakasaad sa Batas Pambansa Blg. 232 na bawat guro ay may pananagutan sa mabisa at mahusay na pagtamo ng mga layunin sa pagtuturo sa pagtataguyod ng pambansang adhika. Sa kabila ng mga kakulangan sa mga kagamitang pampagtuturo na ginagamit ng mga guro lalo na sa mga liblib na lugar, napakahalaga ang pagiging malikhain ng isang guro sapagkat nakasalalay sa kanyang mga kamay ang tagumpay ng pagtuturo-pagkatuto ng mga mag-aaral. Marami nang pagbabago ang nangyayari sa larangan ng edukasyon, lalo na sa mga pamamaraan at maging ang estratehiya sa pagtuturo at ito ay dulot ng pag-unlad ng teknolohiya. Nagdulot ito ng malaking hamon sa mga guro , kung paano makasabay sa pagbabagong ito lalo na sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo.Maaaring sabihin na ito ay magdudulot ng napakalaking epekto sa kalidad ng edukasyon at mga paraan ng pagtuturo ng isang guro sa paaralan. Ang paggamit ng

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

mga makabagong kagamitan tulad ng kompyuter, laptop at cellphone bilang pangunahing materyal ay hindi sapat upang maging interaktibo ang klase. Nangngailangan pa rin ng mga karagdagang kagamitan upang mas lalong maging mainam ang talakayan lalo't ang mga estudyante sa Online Class ay nasa harap ng kompyuter. Kung kaya't malaking hamon sa mga guro ang paggamit ng libro sa klase bilang gabay sa pagtuturo sa panahon ng pandemya. Napagpasyahan ng mga mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral tungkol sa mungkahing kagamitang panturo upang kahit papaano ay makatutulong sa mga kaguruan at mga mag-aaral sa ganoon mabigyan ng solusyon ang suliranin sa kagamitan bilang suplemental sa pagtuturo sa asignaturang Filipino. Sa ganitong paraan ay maging siksik at makabuluhan ang pag-aaral. Sa pagiging malikhain, mahusay, at nakatuon sa trabaho ng isang guro ang susi pa rin ng epektibong pagkatuto ng mga estudyante para sa kanilang magandang kinabukasan.

Ang pag-aaral na ito ay may layuning makabuo ng isang mungkahing kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino. Ninanais din nitong masagot ang mga tiyak na katanungan: 1) Ano ang mungkahing kagamitang pampagtuturo na mabubuo sa pagtuturo ng asignaturang Filipino? 2) Ano-ano ang mga kasanayang gagamitin sa nasabing mungkahing kagamitang pampagtuturo? 3) Ano ang antas ng pagtanggap sa nabuong kagamitang pampagtuturo?

**Literature Review**

Ayon kay Tomlinson (2020), ang paraan ng pagbuo ng mga kagamitan ay parehong pag-aaral at isang praktikal na gawain, pinag-aaralan nito ang mga prinsipyo at pamamaraan ng disenyo, pagpapatupad at pagsusuri ng mga materyales sa pagtuturo ng wika. Ngunit ayon naman kay Alwright sa pananaliksik ni Menendez (2021), ang mga materyales ay siyang komokontrol sa pagtuturo, malaking tulong ito sa pagpapalawak ng kaalaman na maaaring magsisilbing panggagalingan ng mga bagong ideya saklaw ang mga gawain tungo sa pagkakatuto ng mga estudyante na kailangang matuklasan o masuri sa isang kagamitang panturo ang kahusayan nito sa kurikulum at pagtuturo (Silva, 2008)

Ang isang tunay na magaling o mahusay na guro ay may sapat na puhunan tulad ng malawak na kaalaman, aktibo, handa sa pagtuturo, wastong pagpaplano sa mga kagamitang dapat gamitin sa klase, personalidad, karanasan sa buhay at pagkaunawa sa lipunang ginagalawan na kailangang tanggapin ang mga pagbabagong nagaganap sapagkat ang pagpaplano bago humarap sa klase ay mahalagang sangkap tungo sa matagumpay at epektibong pagtuturo.

Ayon naman sa pag-aaral ni Dale sa pagbanggit ni Aniceto (2013), tinukoy na kailangang maging bahagi ng sistema sa pagtuturo sapagkat naniniwala siyang posibleng maiwasan ang pagkabagot ng kanyang mga tagapakinig. Kaya't iminungkahi na kailangang may mahalagang layunin; bigyang halaga ang mga kagamitan bilang tulong sa pagtuturo; paggamit ng iba't ibang kagamitang panturo upang maiwasan ang pagkabagot at upang lalong makuha ang atensyon ng mga estudyante; at kailangang sumusubok sa mga estudyante ang kagamitang panturo.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Volume IV, Issue 4 April 2024, eISSN: 2799-0664

Kadalasan, ang kakulangan sa angkop na kagamitan ang isang dahilan upang ang mga tagapakinig ay mawawalan ng interes na makinig o makilahok sa talakayan. Ayon kay Mariano at Marcelino sa pag-aaral ni Behhay (2012), kung mag-uukol tayo ng sapat na panahon para sa paghahanda ng mga kagamitan ay higit na magiging palabasa ang mga estudyante, mapanuri at mula sa mga nagaganap sa ating paligid at handang tumanggap ng mga hamon at ng mga bagong kalakaran sa pagtuturo ng wika at panitikan. Ang mga instrumentong may kaugnayan sa kurikulum na pinagsilbihan nito ay kailangang naglalaman ng mga aktibiti na kasangkot ang mga estudyante, dapat na nagpapakilala ng mga gawain na nasa labas ng silid-aralan, humihikayat na gamitin ang mga kasanayan sa labas ng silid-aralan. Karagdagan pa nito, binibigyan din niya ang mabubuting dulot ng kagamitang panturo. Ayon pa sa kanya, ang kagamitan ay nararapat na tumutugon sa pangangailangan ng mga estudyante na may iba’t ibang antas ng pag-iisip, ang mga layunin ng pagkatuto ay malinaw na nailalahad.

Napakahalaga ang paggamit ng iba’t ibang kagamitang pampagtuturo na may angkop na estratehiya o paraan ng pagtuturo sa pagbahagi ng kaalaman sa mga mag-aaral kung kaya’t kailangang mapanuri at bihasa sa lahat ng bagay ang guro tulad halimbawa sa patuloy na pagbabago at pag-unlad ng teknolohiya sa ating bansa, ito ay may malaking naiaambag o maitutulong sa mga guro bilang karagdagang kagamitang pampagtuturo sa klase. Maaaring sa paggamit ng mga iba’t ibang kagamitang pampagtuturo ay mawiling makilahok at makinig nang masinsinan at maging aktibo sa talakayan ang mga mag-aaral. Kaya sa mabilis na pagsulong ng teknolohiya ay maaari na ring mapabilis ang paraan ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat kung ihahambing natin ang paraan ng pagtuturo noon sa ngayon ay napakalaki ang pagkakaiba nito. Ayon kay Knight sa pag-aaral nina Gurdiel, et al. (2015) isinaad na ang isang salik na mahalaga sa proseso ng pagkatuto ay ang paghahanda ng isang magandang kapaligiran kung kaya malaki ang epekto nito sa motibasyon ng isang bata. Laging namang ibinabahagi sa mga guro na yakapin ang pagbabago (Santiago 2020). Sapagkat habang yakap ang pagbabagong ito,hindi naman nag-iiba o nagbabago ang mga benepisyo at karanasan sa pagbabahagi ng kaalaman.

Upang mas epektibo ang pagtuturo ng isang guro napakahalagang magkaroon ang school authorities ng patakaran na lahat ng guro ay magsagawa ng pananaliksik upang sa gayon ay may kamalayan sa nangyayari o performans ng mga guro at mag-aaral sa paaralan na maaaring matapos lamang sa dalawang taon. Upang ang ibang mga mananaliksik ay mas lalo pang mahikayat sa paggawa ng pananaliksik.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

## II. Methodology

**Disenyo ng pag-aaral**

Ang disenyong ginamit ay ang quantitative-developmental research bilang batayan sa

pagbuo ng isang kagamitan na ang layon ay sukatin ang mga numerikal na datos upang maunawaan ang pag-unlad o pagbabago sa isang tiyak na parameter. Ang ginamit na pamamaraan ay nakabatay sa konsepto ng "paglinang ng isang kagamitan" na inilahad ni Tomlinson (2020). Ang pangunahing layon ng paggamit ng pamamaraang ito ay ang pagpapabuti o paglinang ng mga materyales. Ang quantitative-developmental research ay angkop na pamamaraan sa kasalukuyang pananaliksik sapagkat nagbibigay ito ng masistemang paraan sa pagkuha at pagsusuri ng datos mula sa mga respondente. Nagpapadali ito sa proseso ng pangangalap ng impormasyon na maaaring magamit sa pagbuo at paglinang ng kagamitang pampagtuturo.

**Mga Respondente**

Ang mga respondent ng pag-aaral ay ang limang (5) guro na nagtuturo ng Filipino at walumpu't apat (84) na mga estudyante na may kursong Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon medyor sa Filipino.

**Ethical consideration**

Ang pagbibigay ng etikal na konsiderasyon sa mga respondente ay isang mahalagang aspeto ng anumang pananaliksik. Ang pagturing sa mga pampersonal na impormasyon bilang kumpidensyal ay nagpapakita ng paggalang sa karapatan at privacy ng mga kalahok. Bago sinimulan ang pangongolekta sa mga datos, humingi muna ang mga mananaliksik sa pamunuan ng paaralan ng pahintulot upang maisagawa ang pag-aaral. Hiningi rin ang pahintulot ng mga respondent na sila ay maging bahagi ng pag-aaral at nilinaw na ang kanilang partisipasyon ay hindi sapilitan. Nilinaw din sa kanila na ang mga makukuhang datos mula sa kanila ay gagamitin lamang sa kasalukuyang pag-aaral.

**Instrumentong ginamit sa Pag-aaral**

Ang pangunahing instrumentong ginamit sa pag-aaral ay ang binuong talatanungan. Ito ay binubuo ng tatlong bahagi. Ang unang bahagi ay hinggil sa mungkahing kagamitang pampagtuturo na mabubuo sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang pangalawang bahagi ay tungkol sa mga kasanayang nagamit sa mungkahing kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino at ang huling bahagi ay tungkol sa antas ng pagtanggap ng mga guro sa nabuong kagamitang pampagtuturo.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Ang pagbibigay ng isang liham na humihingi ng pahintulot sa Campus Director at Dekano ng College of Education ng Pamantasan ay isang mahalagang hakbang sa pagsasagawa ng pananaliksik dahil nagpapakita ng paggalang at pagtugon sa etikal na pamamaraan. Dahil dito, ipinaaabot ng mga mananaliksik ang kanilang layunin sa pamamahagi ng mga talatanungan para sa mga respondente. Ang pagkuha ng pahintulot mula sa mga kinauukulan sa paaralan ay nagpapakita ng pagiging responsable at maingat na mananaliksik at pagpapanatili rin sa kaligtasan, privacy, at kaginhawaan ng mga kalahok.

**Pagsusuri at Estatistikang Pagpapakahulugan sa mga Datos**

Ang frequency at weighted mean ang ginamit para sa ranggo at lebel ng pagtanggap ng mga guro sa nasabing mungkahing kagamitang panturo sa Filipino.

Ang pagpili ng tamang estatistikang pamamaraan sa pagpapakahulugan sa mga datos ay mahalaga sa pang-edukasyong pananaliksik sapagkat sa pamamagitan ng paggamit ng wastong pamamaraan lamang makapagbibigay ng matibay na konklusyon at paglalahat. Nakalahad ang pormulang istatistikal o mga instrumentong ginamit upang mabigyang halaga at masuri ang mga datos.

| Iskala | Antas ng Paglalarawan | Saklaw |
|---|---|---|
| 5 | Lubos na Katanggap-tanggap | 4.50 – 5.00 |
| 4 | Katanggap-tanggap | 3.50 – 4.49 |
| 3 | Katamtamang Katanggap-tanggap | 2.50 – 3.49 |
| 2 | Hindi Katanggap-tanggap | 1.50 – 2.49 |
| 1 | Lubos na Hindi Katanggap-tanggap | – 1.49 |

## III. Results and Discussion

Sa resulta at diskusyon nakalahad ang mga nakuhang mga datos bilang tugon sa mga suliraning nais masagot. Mula sa mga talahanayan makikita ang mga naging interpretasyon at diskusyon.

**Ang mungkahing kagamitang pampagtuturo na mabubuo sa pagtuturo ng asignaturang Filipino**

Sa Talahanayan 1 ay makikita ang mungkahing kagamitan sa pagtuturo ng Filipino ayon sa mga mag-aaral.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Talahanayan 1. Ang mungkahing kagamitang pampagtuturo na mabubuo sa pagtuturo ng Asignaturang Filipino

| Blg. | Mungkahing Kagamitan | Prikwensi | Bahagdan | Ranggo |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Modyul | 46 | 10.72 | 6 |
| 2 | Sanayang aklat | 84 | 19.58 | 1.5 |
| 3 | Worksheet | 69 | 16.08 | 4.5 |
| 4 | Teksbuk | 84 | 19.58 | 1.5 |
| 5 | PowerPoint Presentation | 71 | 16.55 | 3 |
| 6 | Kagamitang Biswal | 6 | 1.40 | 7 |
| 7 | Iba pang kagamitan na wala sa pagpipilian (Pakitala) ________ | 69 | 16.08 | 4.5 |
| | Kabuoan | 429 | 100 | |

Makikita sa talahanayan na nangunguna sa ranggo ang mga mungkahing kagamitan ayon sa mga respondenteng mag-aaral, ang sanayang aklat at teksbuk. Nangangahulugan lamang na nakita ng mga estudyante ang kahalagahan ng paggamit ng mga guro ng sanayang aklat at teksbuk para sa kanilang pagkatuto. Dito makikita na sa paggamit ng mga ito natututo at nawiwili o mas nagaganahang mag-aral ang mga respondente sa panahon ng pandemya. Na kung saan may kaugnayan sa pahayag ni Badaguas (2013) sa pag-aaral ni Menendez (2021), kailangang isaalang-alang ang karanasan at kawilihan ng mga mag-aaral sa binubuo o ginagamit na kagamitang pampagtuturo.

Sa Talahanayan 2 ay matutunghayan din ang mungkahing kagamitan sa pagtuturo ng Filipino ayon sa mga guro.

Talahanayan 2. Mungkahing kagamitang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo-pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino

| Blg. | Mungkahing Kagamitan | Prikwensi | Bahagdan | Ranggo |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Modyul | 4 | 16 | 4.5 |
| 2 | Sanayang aklat | 5 | 20 | 2 |
| 3 | Worksheet | 2 | 8 | 6 |
| 4 | Teksbuk | 5 | 20 | 2 |
| 5 | PowerPoint Presentation | 4 | 16 | 4.5 |
| 6 | Kagamitang Biswal | 0 | 0 | 7 |
| 7 | Iba pang kagamitan na wala sa pagpipilian (Pakitala) Elektronikong kagamitan (Kompyuter, Laptop, Cellphone at iba pa) | 5 | 20 | 2 |
| | Kabuoan | 25 | 100 | |

Mula saTalahanayan 2 makikita ang unang ranggo sa mungkahing kagamitang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ang sanayang aklat, teksbuk at elektronikong kagamitan, sumunod ang paggamit ng modyul at powerpoint presentation; pang-anim ang worksheet; ngunit makikita sa talahanayan na walang gumamit sa kagamitang biswal sa klase. Nangangahulugan lamang na malaki ang maitutulong ng paggamit ng sanayang aklat, teksbuk, at elektronikong kagamitan sa panahon ng pandemya sa pagtuturo-pagkatuto ng mga mag-aaral sa

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Volume IV, Issue 4 April 2024, eISSN: 2799-0664

asignaturang Filipino. Ibig sabihin mas paigtingin pa ang paggamit ng mga ito upang makamit ang layunin sa pagtuturo. Na sadyang sinang-ayunan at inirekomenda sa pag-aaral ni Binwag (2012) ang kahalagahan ng pagbuo at paggamit ng kagamitang pampagtuturo sa Filipino upang sa gayun ay di-gaanong mabigatan ang mga guro kundi magkaroon ng magaan at madaling pagtuturo.

**Mga kasanayang nagamit sa mungkahing kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino**

Batay sa kakayahan at kahinaang panliteratura ng mga estudyante sa asignaturang Filipino, nabuo ang sanayang aklat sa panunuring pampanitikan, isang medyor sabjek sa Filipino. Upang lubos na matulungan ang mga estudyante, ang nasabing sanayang aklat ay gumamit ng iba't ibang kasanayang angkop sa kanilang kakayahan lalo na sa mga gawain o pagsasanay na maaaring sagutin at isasagawa upang makamit ang layunin ng nasabing aralin. Nakalahad dito ang panimula, pasasalamat at talaan ng nilalaman na kung saan nakabatay sa CHED silabus. Ito ay may walong kabanata sa bawat aralin: 1. ang panitikan; 2. mga namanang kaugalian at tradisyon; 3. ang panitikan sa bawat panahon; 4. mga saligan sa mga panunuring pampanitikan; 5. mga kritikong Pilipino; 6. mga kritikong dayuhan sa panitikang Banyaga at mga katangian ng isang mahusay na kritiko; 7. teoryang pampanitikan; 8. mga halimbawa ng pagtatangka sa pagsusuri sa ilang piling akda. Sa bawat araling nakalahad, may maikling buod o sintisis ang mga ito. Ang kaiba ng sanayang aklat na ito ay may mga bagong gawain o pagsasanay sa bawat aralin. May 100 items din para sa paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit para sa mga estudyante. Makikita rin sa huling bahagi ang talasanggunian at apendiks nito. Higit sa lahat di mawawala ang mga may akda na kung saan nagtiyaga, nagbuhos ng oras at nagsaliksik upang makita o malaman ang kahalagahan ng pag-aaral na ito. Ito ay sadyang ginawa para lubos na makatutulong sa kapwa guro at mga estudyante.

**Antas ng pagtanggap ng mga guro sa nabuong kagamitang pampagtuturo**

Pagkatapos mabuo ang kagamitang panturo ay inalam ang antas ng pagtanggap ng mga guro sa nabuong sanayang aklat. Ang kinalabasan ng datos na nakuha ay matutunghayan sa Talahanayan 3.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Talahanayan 3. Antas ng Pagtanggap ng mga guro sa nabuong kagamitang pampagtuturo sa Asignaturang Filipino

| Blg. | Indikeytors | Mean | Palarawang Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1 | Sapat ang nilalaman ng nabuong kagamitang pampagtuturo. | 4.8 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 2 | Malinaw at madaling maunawaan ang wikang nagamit sa kagamitang pampagtuturo. | 4.8 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 3 | Angkop ang layunin sa bawat araling nakalahad sa kagamitang pampagtuturo. | 5 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 4 | Angkop at sapat ang mga gawaing nakalahad sa bawat aralin. | 4.8 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 5 | Angkop ang nakalahad na aralin sa lebel tersarya lalo na sa mga kumukuha ng medyor sa Filipino. | 5 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 6 | May kaugnayang pang-sosyal o kalagayang panlipunan | 4.8 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 7 | Pormat at teknikal na pagtukoy. | 4.8 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 8 | Mahalaga ang bawat araling nakalahad lalo na sa pre-test at post-test ng aralin. | 5 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 9 | May kaugnayan ang bawat aralin sa mga gawaing nakalahad. | 5 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 10 | May karapatang pagtanggap sa Intelektuwal property sa nabuong kagamitang pampagtuturo. | 5 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| | Kabuoang mean | 4.9 | Lubos na Katanggap-tanggap |

Makikita sa Talahanayan 3 ang antas ng pagtanggap ng mga guro sa nabuong kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino na kung saan may mean na 5 ang mga sumusunod: Angkop ang layunin sa bawat araling nakalahad sa kagamitang pampagtuturo; Angkop ang nakalahad na aralin sa lebel tersarya lalo na sa mga kumukuha ng medyor sa Filipino; Mahalaga ang bawat araling nakalahad lalo na sa pre-test at post-test ng aralin; May kaugnayan ang bawat aralin sa mga gawaing nakalahad; May karapatang pagtanggap sa Intelektuwal property sa nabuong kagamitang pampagtuturo. Sumunod naman ang sapat na nilalaman ng nabuong kagamitang pampagtuturo; Malinaw at madaling maunawaan ang wikang nagamit sa kagamitang pampagtuturo; angkop at sapat ang mga gawaing nakalahad sa bawat aralin; may kaugnayang pang-sosyal o kalagayang panlipunan; pormat at teknikal na pagtukoy na may ranggong 4.8. Nangangahulugan lamang na kapaki-pakinabang ang nabuong kagamitang pampagtuturo sapagkat makikita sa kabuoang mean na 4.9 na lubos na katanggap-tanggap ang nasabing teksbuk bilang awtput ng pag-aaral.

## IV. Conclusion

Batay sa suliraning nakalahad sa pag-aaral na ito, makikita sa resulta ang mungkahing kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino. Ang kinalabasan ng pagsusuri ng mga datos na nalikom ng mananaliksik ang naging batayan ng sumusunod na konklusyon: Lumabas sa pag-aaral na karamihan sa iminumungkahing kagamitan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ay isang sanayang aklat, teksbuk at elektronikong kagamitan. May iba't ibang kasanayang nagamit sa

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Volume IV, Issue 4 April 2024, eISSN: 2799-0664

nabuong kagamitang pampagtuturo at Lubos na katanggap-tanggap ang nabuong kagamitang pampagtuturo sa Filipino.

## V. Recommendations

Matapos masuri ng mga mananaliksik ang pag-aaral na ito, nabuo ang sumusunod na rekomendasyon:

1. Iminumungkahi ang patuloy na pagbuo at paggamit ng sanayang aklat, teksbuk at elektronikong kagamitan upang lubos na makatutulong sa pagtuturo-pagkatuto ng mga estudyante.

2. Iminumungkahi ang karagdagang gawain sa bawat araling nailahad sa kagamitang pampagtuturo na may kaugnayan sa pampanitikang panunuri sa Filipino upang mas mapaunlad ang kaalaman ng mga estudyante.

3. Iminumungkahi ang pagpapagamit (pilot testing) sa nabuong sanayang aklat sa mga estudyante upang lubos na makita ang kabisaan nito.

4. Maging batayan ng iba pang pananaliksik na may kaugnayan sa pag-aaral para mas mapalawig at mapaunlad ang kaalaman sa larangan ng pagtuturo-pagkatuto.

## References

[1] Aniceto, Felisa M. (2013) Kamalayan sa Mabisang Paggamit ng mga Metakogniti-bong Estratehiya sa Pagpapaunlad ng Performans sa Pagbasa ng mga Mag- aaral ng Ifugao State University, Batayan sa Pagbuo ng Plano ng mga Gawaing Pangkalingan sa Pagkatuto (Di-limbag na Disertasyon) ng Ifugao State University

[2] Behhay, N. (2012) Ang kabisaan ng paggamit ng multi-midya sa pagtuturo- pagkatuto ng komunikasyon sa akademikong Filipino (Filipino 11) ng unang antas ng Kolehiyo ng Edukasyon

[3] Binwag, Alma C. (2012) Isang Mungkahing Pampagtuturo sa Masining na Pagpapahayag para sa mga Mag-aaral ng Kolehiyo ng Edukasyon (di- limbag na disertasyon) ng Ifugao State University.

[4] Cabigao, J. (2021) Pagbuo at Balidasyon ng Isang Mungkahing Modelong Rubrik sa Pagmamarka ng Mga Sulatin sa Antas Graduwado (Development and Validation of A Proposed Model Rubric in Rating Written Outputs at the Graduate School Level) mula sa https://www.researchgate.net/publication/

[5] Garcia (2021) Balidasyon at pagtanggap ng interaktibong Supplemental na modyul sa pagganap ng mga Mag-aaral mula sa https://eprajournals.com/IJSR/article/5479/abstract

[6] Gurdiel, et al. (2015) Iba't ibang mga kasanayan at kagamitang pampagtuturo sa asignaturang pagtuturo sa panahon ng pandemya

[7] Knight (2009) Mga dulog sa pagkatuto at mga pamamaraan sa kagamitang pagtuturo sa asignaturang Filipino sa panahon ng pandemya mula sa

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Volume IV, Issue 4 April 2024, eISSN: 2799-0664

https://www.researchgate.net/publication/353543257_Mga_Pamamaraan_at_Kagamitan_sa_Pagtuturo_ng_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya
[8] Menendez, M. L. (2021) Kagamitang Pampagtuturo sa Asignaturang Filipino para sa Baitang 10 ng Alfonso Lista, Ifugao
[9] Santiago (2020) Ang Pagtuturo ng Apat na Makrong Kasanayan https://www.coursehero.com/file56564335/Ang-pagtuturo-Ng-pakikinigpptx/
[10] Silva (2008) Ang kagamitang pampagtuturo ay nasasalamin sa isang mahusay na kurikulum sa pagtuturo mula sa https://www.coursehero.com/file/39820625/Kabanata-Idocx/

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved